

METRODRAGON STEEL CORPORATION- SMELTING PLANT AND ROLLING MILL FACILITY EXPANSION PROJECT

Smelting Plant and Rolling Mill Facility Expansion Project

MGM Industrial Compound, Brgy. Bagbaguin, Valenzuela City

EXECUTIVE
SUMMARY
FOR THE
PUBLIC-
FILIPINO

a.) Project Description

Ang **METRODRAGON STEEL CORPORATION** ay intinala bilang korporasyon noong Mayo 13, 2009 at mayroong SEC Register Number na CS20090528. Ang layunin ng **METRODRAGON STEEL CORPORATION** ay ang paggawa, pagbebenta ng maramihan o tingi ng iba't ibang klase ng bakal tulad ng: steel deformed bar, plain round bar, square bar, and angle bar. Ang tagapagtaguyod ng proposisyon ay binabalak na magdagdag ng proseso upang makumpleto ang produksyon ng bakal sa kanilang bakuran. Ito ay ang pag *recycle* ng mga tiring bakal upan makabuo muli ng materyales para sa steel rolling mill. Ang pag *recycle* ng bakal ay sumasailalim sa proseso ng *smelting* gamit ang teknolohiya ng *inuduction furnace*. Dahil sa mahigpit na kompetisyon sa lokal na merkado, ang **METRODRAGON STEEL CORPORATION** ay sumailalim sa sertipikasyon ng ISO 9001:2008 upang ipakita ang kanilang dedikasyon sa kalidad na mga produkto at serbisyo. Sa kabila ng kalgayan ng ekonomiya, ang **METRODRAGON STEEL CORPORATION** ay nag papatuloy na gumawa ng kalidad na mga bakal at patuloy na nag nagpapasaya ng mga dumadami nilang mamimili.

Ang kasalukuyan na planta ay mayroon laki na 25, 519.20 m² at pinaplano na palawakin pa ang planta ng 55, 206.10 m² para sa bagong produksyon ng mga bakal.

Ang *rolling mill* ay kasalukuyan na gumagawa na ng mga round bars at structural bars, samantala ang smelting plant ay ginagawa pa lang. Ang instalasyon ng at konstruksyon ng *smelting plant* at *mini rolling mill* ay inaasahan na matapos bago matapos ang taon.

Ang kasalukuyan na rolling mill ay meryoong kapasidad na 40 tonelada kada oras. Ang planta ay may operasyon sa anim na araw ng linggo at 24 na oras ang operasyon sa bawat araw.

METRODRAGON STEEL CORPORATION ay binigyan ng *Environmental Compliance Certificate* (ECC NCR-0501-0021 Ammending NCR 2005-01-19-021-102) noong May 13, 2010. Ang mga kalakip sa sertipikasyon ay ang operasyon ng *Steel Rolling Mill* na may kapasidad ng prouduksyon na 40 tonelda kada oras.

Upang makamit ang pangangailangan ng bakal sa bansa, ang tagapagtaguyod ng proposisyon ay nag desisyon na dagdagan ang kanilang produksyon. Bukod sa

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

kasalukuyang *Steel Rolling Plant*, iminumungkahi nila ang karagdagang operasyon ng *Mini Rolling Mill* at *Smelting Plant*. Tapos na ang pag papatayo ng *Mini Rolling Mill* at ng *Smelting Plant*, hinihintay na lang ang pag-apruba ng ECC para magsimula ang kanilang operasyon.

Ang **METRODRAGON STEEL CORPORATION** ay may naaprubahan kapasidad na 40 tonelada kada oras para sa kanilang *Steel Rolling Mill*. Ang kasama sa pagbabago ng *Envrionmental Compliance Certificate* (ECC) ay ang pagdagdag ng *Mini Steel Rolling Mill* na may kapasidad na 8 tonelada bawat oras at ng *Smelting Plant* na may 4 na *Induction Furnace* na may kapasidad na 12 tonelada kada oras. Ang kabuuan na idadag na produksyon sa ECC ay 48 na tonelada kada oras. Ang kasalukuyang sukat ng pasilidad ay 25,519.20 m² ang idadag na sukat sa ECC ay 55, 206.10m²; sa kabuuang sukat ang pasilidad ay 80,725.30 m².

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

- **Project Type, Components, and Size**

Ang talaan sa baba ay nagpapakita ng *Gross Floor Area* ng Metrodragon Steep Corporation.

Existing Area	TCT No.: V-92906		Area:	14,462.20 M ²
	TCT No.: V-92907		Area:	10,768.00 M ²
	TCT No.: V-92908		Area:	289.00 M ²
	Total Area:			25,519.20 M²
Additional Lot Acquired for the Expansion	TCT No.: C-404380		Area:	6,715.00 M ²
	TCT No.: V-92903		Area:	2,596.40 M ²
	TCT No.: V-101729		Area:	10,240.00 M ²
	TCT No.: V-104651		Area:	16,382.20 M ²
	TCT No.: 001-2017002968		Area:	8,893.00 M ²
	TCT No.: 013-2015002889		Area:	400.00 M ²
	TCT No.: 013-2017003385		Area:	7,646.00 M ²
	TCT No.: V-90556		Area:	655.00 M ²
	TCT No.: V – 70555		Area:	3,165.00 M ²
	TCT No.: G-326671		Area:	5,228.50 M ²
	Total Area:			55,206.10 M²
Total	25,519.20 M ²	55,206.10 M ²	80,725.30 M ²	
	Steel Rolling Mill	Additional Mini Rolling Mill and Smelting Plant	Gross Floor area Existing + Expansion	

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

Ipinapakita ng talaan sa baba ang laki ng Metrodragon Steel Corporation.

	Existing	Expansion	Total	Annual Capacity (Based on 24 Hours/day 6days/week)
Steel Rolling Mill	40 MT/ Hour	-	40 MT/ Hour	299,520 MT/Year Deformed Bars, Round Bars, and Square Bars
Mini Steel Rolling Mill	-	8 MT/ Hour	8 MT/ Hour	59,904 MT/Year Deformed Bars, Round Bars, and Square Bars
Smelting Plant (4 Units of Induction Furnace)	-	4 Units of Induction Furnace	48 MT/Hour	299,520 MT/YEAR Billets
Area	25,519.20 M²	55,206.10 M²	80,725.30 M²	-

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

Ipinapakita ng talaan sa baba ang mga bahagi ng bawat planta ng Metrodragon Steel Corporation.

PLANT AREA	SUPPORT FACILITIES AND POLLUTION CONTROL DEVICES
STEEL ROLLING MILL	1.WATER PUMP AREA
	2.LSFO TANK AREA
	3.LSFO PUMP AREA
	4.STORAGE OF FINISHED GOODS
	5.REHEATING FURNACE CONTROL ROOM
	6.ROLLING PRODUCTION AREA
	7.CONTROL ROOM
	8.SWITCH ROOM
	9.STORAGE OF RAW MATERIAL
MINI STEEL ROLLING MILL	10.WATER PUMP AREA
	11.MINI-ROLLING LSFO TANK
	12.MINI-ROLLING PRODUCTION AREA
	13.STORAGE OF FINISHED GOODS
	14.RAW MATERIAL STORAGE AREA
SMELTING PLANT	15.PUMP AREA
	16.BUILDING 1(PRODUCTION AREA)
	17.BUILDING 2(RAW MATERIAL STORAGE)
	18.BUILDING 3(RAW MATERIAL STORAGE)
	19.DUST COLLECTOR AREA
	20.ELECTRICAL SWITCH ROOM

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

- **Process/Technology**

Ang gamit na proseso o teknolohiya ng Metrodragon Steel Corporation ay dalawa: (1) Steel at Mini Rolling Manufacturing Process at (2) Smelting Manufacturing Process.

MINI AND STEEL ROLLING MANUFACTURING PROCESS




Figure 1: Mini Rolling Flow




Figure 2: Steel Rolling Flow

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

SMELTING MANUFACTURING PROCESS




Figure 3: Induction Furnace Process Flow

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

Induction Furnace Process

Ang kalamangan ng induction furnace ay ang murang kapital na kailangan kumpara sa ibang klase ng tunawan. Ang instalasyon at operasyon ay mas simple. Kaunti lamang ang nasasayang na init sa tunawan na ito dahil lagi itong nakatakip at walang ingay ang operasyon na ito. Ang tinunaw na bakal sa *induction furnace* ay kusang iniikot ng *electromagnetic action* para pag nagawa na ang mga haluang metal o *alloy*, mabilis itong makakagawa ng magkakatulad na produkto. Ang mga oras sa pagitan ng *tap and charge, charging time, power delays*, atbp. ay importante upang makamit ang layunin na output na konti lang ang gastos. Ang proseso ng pag gawa ng bakal ay maaring mahati sa mga sumusunod na bahagi:

- 1.Melting time charge mixed of steel & iron scrap*
- 2.Ladle teeming practice for casting*
- 3.Direct Teeming practice for ingots casting unloadable teeming machine*
- 4.Melting the Charge*

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

- **Resource Utilization**

Ang mga sumusunod ay ang mga nagtutustos ng palingkurang-bayan sa Metrodragon Steel Corporation:

UTILITY	PROVIDER
Electricity	Aboitiz Power
Water	Espiritu Water Supply
Telecommunications	Philippine Long Distance Telephone (PLDT)
LSFO Supplier	Shell or Aersoil

Technology

Para sa karagdagang *rolling mill facility*, gagamitin ng tagpagtaguyod ng proposisyon ang teknolohiya na ginagamit ngayon ng planta. Ang *rolling mill* na ito ay mas maliit na bersyon ng kasalukuyang *steel rolling mill* na gumagawa lamang ng bilog na baras.

Pinili ng tagpagtaguyod ng proposisyon ang teknolohiya ng *induction furnace*. Ito ay isang elektrikal na tunawan kung saan induction ang pag-init sa bakal. Ang *induction furnace* ay ginagamit pang tunaw ng mga bakal at ito may iba't-ibang kapasidad ng produksyon. *Induction furnace* ang napili dahil malinis, matipid sa enerhiya, at madaling ikontrol ang pag tunaw ng bakal gamit ang teknolohiyang ito kumpara sa ibang paraan ng pagtutunaw ng bakal.

Karamihan sa mga modernong pandayan ay ito ang gamit na tunawan, at maraming pandayan ng *iron* ay pinapalitan na ang kupola para sa *induction furnace*. Ang kupola ay nag lalabas ng maraming alikabok at iba pang polusyon. Dahil walang *arc or combustion* na ginagamit, ang temperatura ng materyales ay hindi mas mataas sa kailangan na init para tunawin ang bakal. Pinipigilan nito ang pagkawala ng mahahalagang *alloying elements*.

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

b.) Proposed Location with Vicinity Map (Current) of the Project Facilities/Components and the Criteria and Process of Decision Making in Choosing from the Alternatives

Ang Metrodragon Steel Corporation ay nasa MGM Industrial Compound, Brgy. Bagbaguin, Valenzuela City.




Figure 4: Vicinity Map

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC




Figure 5: Geographical Coordinates



Figure 6: Satellite View of the Existing Steel Rolling Mill and the Newly Constructed Smelting Plant and Mini Rolling Mill

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

Site Selection

Ang pwesto ng proyekto ay pinili dahil mayroong sapat na lugar para sa mga operasyon ng proyekto. Ang pwesto rin na ito ay sumusunod sa pangangalingan na sukat sa **Proposed Expansion of Steel Rolling Mill and Smelting Plant Facility Project**.

Ang mga lote na nabili ng tagapagtaguyod ng proposisyon ay katabi lang ng kasalukuyang *steel rolling mill*. Dahil dito, hindi na kailangan gumastos ng kumpanya para sa paglipat ng produkto mula sa *smelting plant* papunta sa pasilidad ng *steel rolling mill*. Ang lokasyon ng proyekto ay madaling napili dahil ang proyekto ay pagpapalawak lamang ng kasalukuyang operasyon. Ang iminumungkahi na proyekto ay may pagpapatayo ng *smelting plant* katabi ng kasalukuyang *steel rolling mill*. Ang lokasyon na napili ay malapit sa mga nagbebenta ng mga gamit na bakal sa Metro Manila.

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

c.) Project Proponent

Company		
Metrodragon Steel Corporation		
Address	3 MGM Industrial Compound, Barangay Bagbaguin, Valenzuela City	
Project Proponent	MR. ZHUANG YI QIANG/ Owner	
Contact Person/ Authorized Representative	MR. ROMEO VELASCO/ Plant Manager 936 9783 local 115	
Permits	Agency	Date Issued
SEC & Articles of Incorporation	Securities and Exchange Commission	June 4, 2014
Zoning Certificate/Locational Clearance	Valenzuela City Hall	November 25, 2014
Environmental Compliance Certificate (ECC) ECC No.: ECC-NCR-0501-0021	Environmental Management Bureau – National Capital Region	May 13, 2010
Permit to Operate POA No.: 15-POA-E-137504-452	Environmental Management Bureau – National Capital Region	August 14, 2015 Expiry: June 22, 2020
Pollution Control Officer Accreditation Jayson Sanchez COA No. 2018-NCR-0291	Environmental Management Bureau – National Capital Region	
Managing Head Romeo Velasco	Environmental Management Bureau – National Capital Region	

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

d.) Projected Timeframe of the Project Implementation

	Smelting Plant
	
	Mini Rolling Plant
	

Updated Photographs of Metrodragon Steel Corporation's Proposed Smelting and Mini Rolling Plant Construction

Figure 7: Photographs of Smelting and Mini Rolling Plant Construction

Ang iminumungkahi na *Smelting Plant* at *Mini Rolling Plant* ng Metrodragon Steel Corporation ay naitayo na. Ipinapakita ng mga larawan sa taas ang kasalukuyang itsura ng *Smelting Plant* at ng *Mini Rolling Plant*.

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

Sa ngayon, hinihintay ng tagapagtaguyod ng proposisyon ang pag-apruba ng *Environmental Compliance Certificate* para sa *Mini Steel Rolling Mill at Smelting Plant* upang masimulan ang kanilang mga operasyon.

e.) Concise Integrated Summary of the Major Impacts and Residual Effects after Mitigation

MODULE	MGA EPEKTO	MGA AKSYON PARA MAPAGAAN ANG MGA EPEKTO NG PROYEKTO	RESIDUAL
LAND	Pagbaba ng halaga ng lupa dahil sa iresponsableng pamamahala ng basura	Magtalaga ng pansamantalang imbakang ng basura	Sinisigurado nito ang kaligtasan at kalinisan ng pasilidad. Ang pansamantalang imbakang ng basura ay makakatulong sa pamamahala ng <i>hazardous wastes</i> dahil nasa iisang lokasyon lang ang babantayan ng <i>Environmental Unit</i> (EU).
		Regular na koleksyon ng pribadong kolektor ng basura	Magbibigay kalinisan ito sa pasilidad
		Pagbili ng mga gamit na materyales sa scrap <i>trading company</i>	Ang pagbili ng mga gamit na materyales ay makakatulong sa kapaligiran sa pamamagitan ng <i>recycling</i> at mas kikita ang kumpanya sa ganiton pamamaraan.
		Pagtanim ng mga halamang endemiko sa Pilipinas	Ang init at polusyon sa hangin ay mababawasan dahil sa pagtanim ng mga halaman at puno. Makakatulong din ito sa pagpapaganda ng lugar.
		Pagtayo ng <i>Material Recovery Facility</i> (MRF)	Ang <i>Material Recovery Facility</i> (MRF) ay

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

		Pagkolekta, tamang pag-imbak at paglabel, at paghakot at paggamot ng <i>hazardous waste</i> ng itinalagang taga-hakot ng DENR-EMB.	makakatulong sa kalinisan ng pasilidad. Ang koleksyon, tamang pag-imbak at paglabel ay makakatulong para hindi maghalo-halo ang mga <i>hazardous wastes</i> dahil hindi dapat pinaghahalo ang mga ito. Magbibigay kaligtasan ito sa mga tao na naghahawak ng <i>hazardous wastes</i> .
	Maling pagtatapon ng mga basura mula sa pagpapatayo ng pasilidad	Pag-aarkila ng magkokolekta ng mga basura mula sa pagpapatayo ng pasilidad	Makakasigurado sa tamang pagtatapon ng basura ang pag-aarkila ng magkokolekta ng basura.
	Kontaminasyon ng lupa dahil sa tagas ng langis	Maglaan ng mga tamang makina at sasakyan pang konstruksyon at siguraduhin ang kaayusan nito.	Tamang pag-gamit at pagpapanatili ng mga makina at sasakyang pang konstruksyon ay magdudulot ng magandang resulta sa trabaho at makakaiwas sa kontaminasyon ng lupa.
AIR	Pagbaba ng kalidad ng hangin	Siguraduhin ang pagpapanatili ng mga sasakyan at <i>heavy equipment</i> .	Ang maayos na pagpapanatili ng mga sasakyan at <i>heavy equipment</i> ay makakabawas sa polusyon sa hangin. Makakabawas din ito sa ingay ng mga makina at maiiwasan ang hindi hustong pagsunog ng gasolina.
		Siguraduhin ang tamang pagpapanatili ng generator set at mga kagamitan ng planta.	Ang tamang pagpapanatili ng generator set ay makakabawas sa polusyon na maidudulot ng hindi hustong pagsunog ng gasolina.

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

			This will decrease the production of air pollutants.
		Ipaalam sa publiko ang pagpapanatili sa magandang kondisyon ng mga sasakyan para maiwasan ang paglabas ng nakaksamang usok	Makakabawas ito sa polusyon sa hangin
		Magwisik ng tubig sa lupa at semento.	Makakabawas to sa alikabok at mababawasan ang epekto ng <i>particulate matter</i> .
		Ang lugar kung saan itinatayo ang pasilidad ay dapat may bakod para sa masigurado ang kaligtasan.	Ito ay para sa kaligtasan dahil ang mga nahuhulog na mga materyales ay maaring maging sanhi ng mga aksidente.
		Aplikasyon para sa Permit-To-Operate ng APS/CF.	Ang Permit-To-Operate ay para masigurado ang pagsunod sa mga pamantayan. Makakatulong ito sa pagpapanatili ng kalidad ng hangin.
		Pagtatakda ng temperature para sa Reheating Furnace	Ang pagtakda ng temperature ng reheating furnace ay para sa kaligtasan ng operasyon dahil kung hindi ito mabantayan ay maaring magkaroon ng aksidente. Kung sakali mangyari ito, makakadagdag ito sa paglala ng <i>climate change</i> .
		Maglagay ng CCTV para sa pagbantay ng tsimenea. Gumamit ng <i>Low Sulfur Fuel Oil</i> (LSFO) para sa Reheating Furnace upang mabawasan ang	Ang paglagay ng CCTV ay ginagamit para mabantayan ang kalidad ng hangin na nilalabas ng pasilidad.

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

		produksyon ng <i>sulfur dioxide</i> .	
		Maglagay ng mataas na bakuran para sa pasilidad.	Ang pagkakaroon ng mataas na bakuran ay makakabaawas sa epekto ng operasyon ng pasilidad sa mga tabing mga bahay at gusali.
	Dagdag na ingay sa paligid	Maglagay ng mga <i>mufflers</i> sa lahat ng mga gamit pang konstruksyon	Mababawasan ang ingay ng mga gamit pang konstruksyon.
		Pansamantalang paggamit ng panghadlang ng ingay, lalo na malapit sa mga malapit sa mga sensitibong lugar.	Makakabawas ito sa ingay na dulot ng pagpapatayo ng pasilidad
		Itakda ang paggamit ng mga makinang maingay tuwing umaga at hapon lang.	
		Sirang mga kagamitan o mga parte nito ay papalitan or aayusin	Papalitan ang mga sirang parte na may kakaibang tunog para sa kaligtasan ng lahat.
		Itakda ang paggamit ng mga makinang maingay tuwing mas angkop na parte ng araw.	Makakabawas ito sa ingay dahil pag sabay sabay na ginagamit ang mga makina mas maingay ang operasyon.
		Palibutan ang mga makinang gumagawa ng tunog.	Makakabawas ito sa ingay na dulot ng mga operasyon ng pasilidad.
	Pag-iiba ng lokal na klima	Mga pagsasanay at <i>good housekeeping</i> na mga programa ay makakabawas sa pagkunsumo ng enerhiya ng planta.	Ang mga <i>good housekeeping</i> programs ay makakabawas sa idinadagdag ng pasilidad sa climate change dahil ang mga sumailalim sa pagsasanay ay marunong magpatakbo ng <i>Air Pollution Source</i>

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

			<i>Installations</i> at bihira silang magkakamali.
WATER	Change in Drainage Morphology/Inducement of Flooding in Stream Volumetric Flow	Pag-isipan ang disenyong <i>storm drainage</i> at ng mga kanal kung kaya ba nito ang malalakas na ulan	Tamang pagdisenyo ng <i>storm drainage</i> ay makakaiwas sa pagbaha
		Paglinis ng <i>natural drainage</i> at ng mga kanal mula sa mga basura ng pagpapatayo ng pasilidad.	Ang paglinis nito ay makakaiwas sa pagbaha.
		Ang paggawa ng mga pansamantalang <i>silt traps, deviation channels mounting, barriers, and trenches</i> sa paligid ng <i>stock piles</i> .	Ang mga <i>silt traps, deviation channels mounting, barriers, and trenches</i> ay makakaiwas sa pagbaha.
		Ang pagkontrol ng maduming tubig gamit ang Sewage Treatment Plant (STP).	Pipigilan nito ang pag-apaw ng tubig at pagbabaha.
	Pag-iba ng lalim ng mga sapa at lawa	Pag-hakot ng mga tirang materyales pagkatapos ng konstruksyon para hindi mapunta sa mga sapa at lawa.	Ang pag-hakot ng mga tirang materyales ay makakapigil sa pagbaha
	Pag-ubos ng yamang tubig dahil sa kompetisyon sa paggamit ng tubig	Ang supply ng tubig ay pinapadala sa pasilidad kaya hindi masyado kritikal ang konsumo ng pasilidad sa tubig	Walang epekto ito sa mga katabing mga bahay at gusali
	Pag-iba ng <i>Bathymetry</i> (lalim ng mga lawa, dagat, o karagatan)	<i>Pagrerecycle</i> ng tubig na ginamit sa pagpapalamig ng mga makinarya para mabawasan ang pagtatapon ng maduming tubig.	Ito ay nakakatulong sa pagtitipid ng tupid. Makakasigurado na walang <i>effluent</i> na papakawalan mula sa pasilidad nang hindi nililinis ang tubig.
	Pagbaba ng kalidad ng tubig bukal	Tamang <i>portable toilet</i> para sa mga manggagawa at tamang pagtapon ng maduming tubig.	Ito ay para sa kalinisan at para masigurado na walang tinatapon na tubig

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

			sa kapaligiran nang hindi nililinis.
		Langis mula sa mga heavy equipment ay maaring maging problema. Ang MSC ay dapat maghigpit sa pagpapanatili ng mga sasakyang pangkonstruksyon para maiwasan ang pagtagas ng langis	
		Regular na pagpapanatili ng STP. Ang <i>effluent</i> ay dapat tumutupad sa <i>Effluent Standards</i> ng DENR para sa mga Class C Waters.	Ang pagtupad sa mga pamantayan ay makakaiwas sa pagbaba ng kalidad ng tubig.
		Ang <i>chlorination</i> ay isa sa mga proseso ng <i>Sewage Treatment Plant</i> (STP). Maaring magkaroon ng hindi sinasadyang pagpapakawala ng <i>chlorine</i> . Dapat mayroong sariling imbakan ng <i>chlorine</i> na may <i>chlorine gas detector</i> at <i>alarm system</i> .	Ang <i>chlorine gas detector</i> at <i>alarm system</i> ay makakasigurado ng kaligtasan ng mga tao.
		<i>Emergency Response Plan</i> para sa pagtagas ng <i>chlorine</i>	Ito ay magsisigurado ng kaligtasan ng mga tao
Pagbaba ng kalidad ng mga <i>Surface Water</i>	Atasan ang mga <i>contractors</i> na ikolekta ang mga gamit na langis at iba pang mga <i>hazardous wastes</i> para sa tamang pagtapon.	Maiiwasan ang kontaminasyon ng langis	
	Pagbawalan ang paghugas ng mga panghalo ng semeto sa lokasyon ng pagpapatayo ng pasilidad.	Maiiwasan ang kontaminasyon ng lupa at pagbago ng topographiya	

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

		Regular na pagpapanatii ng STP	Ang pagsunod sa mga pamantayan ay makakpigil sa pagbaba ng kalidad ng tubig.
		Ang STP <i>effluent</i> ay dapat pumasa sa <i>Effluent Standards</i> ng DENR para sa <i>Class C Waters</i> .	Ang pagsunod sa mga pamantayan ay makakpigil sa pagbaba ng kalidad ng tubig.
		Pagsulong ng pagbabantay sa kalidad ng tubig of Meycauayan River (Upstream and downstream ng nilalabasan ng STP)	Pagganda ng kalidad ng tubig
	Debris	Siguraduhin na ang mga tirang materyales ay nasa lokasyon lamang ng pagpapatayo	Maiiwasan ang pagbaha

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

f.) Identified Stakeholders

Ang mga *stakeholders* ay isinaad sa DAO 2017-05 “Guidelines on Public Participation under the Philippine Environmental Impact Statement (EIS) System”.

Ang mga *stakeholders* ay mga taong (natural o judicial) na nakakaaapekto at naapektohan ng proyekto, tulad ng, mga taong-bayan, iba’t ibang mga industriya, mga lokal na pamahalaan, iba’t ibang mga ahensya ng gobyerno, at mga *non-government organizations* (NGOs) at mga *people’s organizations* (POs).

MUNICIPALITY	BARANGAY	STAKEHOLDERS
Valenzuela City	Brgy. Bagbaguin	-City Office -City Planning and Development Office -City Housing and Resettlement Office -City Environment and Natural Office -City Engineering Office -Barangay Officials -Barangay Councils -Residents near MSC premises -Purok and Sitio Leaders -Local Organizations -Concerned Local Housing Association
	Brgy. Mapulang Lupa	
Caloocan City	Brgy. 165, Bagbaguin	
	Brgy. 166, Caybiga	
Other Invitees (Indirect Impact)	Brgy. Ugong, Valenzuela City	

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

g.) Project Proponent's Statement of Commitment and Capability to Implement Necessary Measures to Prevent Adverse Negative Impacts

AIR POLLUTION CONTROL DEVICES/FACILITIES

Ang tagapagtaguyod ng proporsiyon ay nag lagay ng mga *Air Pollution Control Devices/Facilities* tulad ng:

- Mga sistemang nagkokolekta ng mga alikabok sa *rolling mill*
- *Bag House Filter* para sa *Reheating Furnace and Induction Furnace*
- *Hood Design* para sa *Induction Smelting Furnace*
- *Indoor Dust Baghouse Ducting System* para sa *Indoor Fugitive Dust*

WASTE WATER TREATMENT FACILITY

Ang tagapagtaguyod ng proporsiyon ay maglagay ng *Sewage Treatment Facility* sa ikaapat na kuwarter ng 2019 para gamutin ang *domestic sewages* mula sa mga operasyon ng planta. Ang pagsuri ng maduming tubig ay isasagawa sa bawat kuwarter ng taon para makasunod sa pamantayan ng DAO 2019-08.

h.) Information on where to get a copy of the EIS for further information

Full copy of Environmental Performance Report and Management Plan (EPRMP) of Metrodragon Steel Corporation can be secured from:

INSTITUTION	ADDRESS	CONTACT NUMBER
DENR-EMB-Central Office	DENR Compound, Visayas Ave., Diliman, Quezon City	(02) 931 1331

EXECUTIVE SUMMARY FOR THE PUBLIC

DENR-EMB-Region 3	Turquoise St., Zone 2, Ramar Village, San Agustin, San Fernando, Pampanga	(045) 455 3316
DENR-EMB-NCR	National Ecology Center, East Ave., Diliman, Quezon City	(02) 931 2397
LGU of Valenzuela City, City Environment and Natural Resources Office (CENRO)	New City Government Complex, Mac Arthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City	(02) 352 1000
LGU of Caloocan City, City Environment and Natural Resources Office (CENRO)	A.Mabini St., Caloocan City	(02) 288 8810

website: emb.gov.ph